



College of Nursing
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES MANILA
The Health Sciences Center

Sotejo Hall, Pedro Gil Street, Ermita, Manila 1000 Philippines
Tel Nos. (02) 85231472, (02) 85231477, (02) 85231494 • TeleFax: (02) 85231485
Email: upm-cn@up.edu.ph



N107: Nursing Interventions 2
2nd semester, Academic Year 2023-2024

Case Study Participant Consent Form
Pahintulot sa Pagsali sa Case Study

Reference Number: *N107-2024-001*

Case Study Title: *Nursing Care of Clients with Inflammation and Infection, Chronic, and Degenerative Conditions (N107)*

Ako ay nagbibigay pahintulot na sumali sa *Case Study* ng mga estudyante ng UP Manila College of Nursing para sa kanilang kurso na N107: *Nursing Care of Clients with Inflammation and Infection, Chronic, and Degenerative Conditions*. Naipaliwanag sa akin ang layunin ng *Case Study*, at ang aking mga karapatan at responsibilidad sa pag-sang-ayon na sumali dito. Naiintindihan ko na ang pagbibigay pahintulot na sumailalim sa *Case Study* na ito ay nangangahulugan na:

- Pumapayag akong makapanayam ng mga estudyante/mananaliksik.
- Pumapayag ako na basahin ng mga estudyante/mananaliksik ang aking mga *hospital records* para sa paghahanda, pag-aaral, at paglalathala ng *Case Study* na ito.
- Pumapayag ako na gamitin ng mga estudyante/mananaliksik ang mga impormasyong pangkalusugan sa pagsusulat at paglalathala ng *Case Study* na ito.

Naiintindihan ko na ang aking pagsali sa *Case Study* na ito ay boluntaryo at maari akong tumanggi sa anumang bahagi o proseso ng *Case Study* sa anumang oras. At ang aking pagtanggap ay walang kaparusahan at hindi makapagbabago ng pag-aalagang natatanggap o matatanggap ko.

Naiintindihan ko na ang mga impormasyon na may kinalaman sa aking pagkaka-ospital at mula sa kanilang panayam sa akin na gagamitin sa *Case Study* na ito ay hindi maglalaman ng aking pangalan, personal at pribadong impormasyon o pagkakakilanlan. Naiintindihan ko na ang layunin ng *Case Study* na ito ay para sa pagpapalawak ng kaalaman sa pagbibigay ng nararapat, dekalidad, at ligtas na pangangalaga ng mga nurse. Dahil sa mga detalye tungkol sa aking kaso, naiintindihan ko na hindi maiiwasan na maaring hulaan ang aking pagkakakilanlan. Gayunpaman, naiintindihan ko na lahat ng ibabahagi kong impormasyon sa mga estudyante/mananaliksik ay pribado at hindi ipaaalam sa sinuman nang walang pahintulot mula sa akin.

Naiintindihan ko na ang mga papeles na may kinalaman sa *Case Study* na ito na mula sa mga pakikipanayam sa akin, at ang aking mga records ay pag-iingat at mababasa lamang ng mga estudyante/mananaliksik, at kanilang mga guro. Naiintindihan ko rin na ang mga ito ay itatago lamang sa loob ng tatlong (3) taon bago ito sirain, o hanggang ang *Case Study* ay mailathala sa loob ng tatlong (3) taon.

Pangalan/Lagda ng Pasyente / Petsa

Pangalan/ Lagda ng Tagapag-ala ng Pasyente o kanyang *Legal Representative* / Petsa

Pangalan ng estudyante/mananaliksik na nagpaliwanag at humingi ng pahintulot:

Pangalan ng Guro:
